



Talaan ng mga Nilalaman

Panimula	2
Paano Hihingi ng mga Serbisyo.....	3
Sino ang Dapat Humingi ng Serbisyo.....	3
Pamamaraan ng Pagsusuri	4
Pagiging Karapat-dapat	6
Pagtanggap ng mga Serbisyo	7
Iniaangkop na Plano sa Paghahapbuhay.....	9
Mga Serbisyo Ukol sa Paghahanapbuhay	11
Mga Pananagutan ng Tagagamit	12
Mga Pananagutan ng Tagapayo	13
Pagsasara ng Kaso.....	14
Programang Tulong sa Tagagamit.....	15
Pagsusuri at Pamamagitan ng Pangasiwaan	16
Makatarungang Pagdinig.....	17
Pagiging Kompidensiyal	18
Pagsisiwalat	19
Diskriminasyon.....	20
Mga Matatawagan.....	22





Panimula

Ang Kagawaran ng Pagbabagong-Tatag (DOR) ay naririto upang tulungan kang magkaroon ng hanapbuhay at magkaroon ng kakayahang mabuhay nang hindi umaasa sa iba. Ang libretong ito ay magiging patnubay sa DOR at sa mga serbisyong aming ibinibigay.

Bilang tagagamit ng Kagawaran, ang iyong programa sa pagbabagong-tatag ay iaangkop sa inyong mga hangarin at bubuin mo at ng iyong tagapayo.

Ang pinakamahalagang tao sa pamamaraan ay ikaw. Ikaw ang may pangunahing papel upang matupad ang iyong planong magkaroon ng hanapbuhay. Kasama mo ang iyong tagapayo na magsisikap na matupad ang iyong hangarin, ipagbibigay-alam niya sa iyo ang mga serbisyong maibibigay ng DOR at ipapadala ka sa ibang mga ahensiya kung mangangailangan ng mga karagdagang serbisyo.

Kung hindi mo makita sa libretong ito ang mga kasagutan sa iyong mga katanungan, mangyaring kausapin ang iyong tagapayo.





Sino ang Dapat Humingi ng mga Serbisyo?

- Ikaw ba ay may kapansanan?
- Nahihirapan ka bang makakuha at magpanatili ng hanapbuhay dahil sa iyong kapansanan?
- Naniniwala ka ba na ang mga serbisyong pagbabagong-tatag na nauukol sa gawain ay makakatulong sa iyo na makakuha o magpanatili ng hanapbuhay?
- Gusto mo bang maghanapbuhay?

Kung sumagot ka ng “oo” sa lahat ng katanungang ito, ikaw ay maaaring karapat-dapat sa mga serbisyo ng DOR. Kung gusto mong makakuha ng karagdang kaalaman tungkol sa Kagawaran, isang tagapayo sa opisina ng inyong lokal na sangay ng DOR ang makakasagot sa iyong mga katanungan.

Paano Hihingi ng mga Serbisyo

Narito ang paraan ng paghiling ng mga serbisyo mula sa opisina ng inyong lokal na DOR.

1. Pumunta sa opisina at sagutan ang isang aplikasyon.
2. Tawagan kami at humiling ng aplikasyon, at saka ipakoreo sa amin ang sinagutang porma.
3. I-download ang porma ng aplikasyon mula sa aming website www.dor.ca.gov at ipakoreo sa amin ang sinagutang porma.
4. Ibigay sa amin ang impormasyong kailangan upang simulan ang pamamaraan ng pagsusuri sa ibang makatwirang anyo.

Ikaw ay bibigyan ng oras ng pakikipagtipan sa isang tagapayo para sa isang panayam upang simulan ang pamamaraan ng pagsusuri.





Pamamaraan ng Pagsusuri

Ang iyong aplikasyon ay itinuturing na opisyal na iniharap kapag ikaw ay:

1. Humiling ng mga serbisyo.
2. Nagbigay ng impormasyon na tumutulong sa amin na simulan ang pamamaraan ng pagsusuri upang alamin ang iyong pagiging karapat-dapat at karapatang mauna sa mga serbisyo. Maaaring humingi sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong kapansanan.
3. Nagtakda ng petsa upang kumpletuhin ang pagsusuri.

Malalaman mo at ng iyong tagapayo ang iba pang bagay tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat at ang iyong mga pangangailangan na panghanapbuhay sa pamamagitan ng pamamaraan ng pagsusuri.

Pagiging Karapat-dapat—Ikaw at ang iyong tagapayo ay maingat na magsusuri ng impormasyon tungkol sa iyong kapansanan at iyong kalagayan sa paghahanapbuhay. Ang iyong tagapayo ay magpapasiya kung ikaw ay karapat-dapat sa aming mga serbisyo.

Kahalagahan ng Kapansanan—Susuriin kung paano nakakaapekto ang iyong kapansanan sa paghahanapbuhay.

Ang Pagbabagong-Tatag na Panghanapbuhay ay Nangangailangan ng Pagsusuri—Ikaw at ang iyong tagapayo ay magkasamang magtatrabaho upang pagpasiyahan kung ano ang kakailanganin mo para magkaroon ng hanapbuhay.

Ikaw ay bibigyan ng impormasyon at hihimukin na gumawa ng mga pagpili sa kabuuan ng pamamaraan ng pagbabagong-tatag na panghanapbuhay. Kung hihilingin mo bibigyan ka ng impormasyon sa iyong gusto o katutubong wika o ibang angkop naparaan, kung kailangan, upang lubos mong maintindihan ang pamamaraan.





Ang pamamaraan ay mas mabilis na susulong kung ikaw ay mananatiling kalahok at nagbigay kaagad ng impormasyong kailangan namin.

Paano ninyo ako matutulungan sa pamamaraan ng pagsusuri?

1. Pagpunta mo sa iyong unang panayam dalhin ang:
 - ◆ Alinmang dokumentong nasa pag-iingat mo tungkol sa iyong kapansanan.
 - ◆ Mga tala at kopya ng mga tseke mula sa SSI o SSDI, kung tumatangap ka ng mga benepisyo.
 - ◆ Isang listahan ng mga pangalan, direksiyon at mga numero ng telepono ng mga doktor, propesyonal at organisasyon na sumangguni ka tungkol sa iyong kapansanan.
2. Alamin ang lahat ng magagawa mong alamin tungkol sa pamamaraan ng pagbabagong-tatag.
 - ◆ Basahin ang literaturang ipinagkaloob tungkol sa programa.
 - ◆ Kung mayroon kang hindi naiintindihan, hingin sa iyong tagapayo na ipaliwanag ito.
3. Tumupad sa iyong mga pakikipagtipan, at dumating sa oras.
 - ◆ Tawagan ang aming opisina kung hindi ka makakarating sa pakikipagtipan.
 - ◆ Sabihin sa amin kung ikaw ay lumipat o nagbago ng numero ng telepono.
4. Ipagpatuloy at kumpletuhin ang iyong bahagi sa anumang aksiyon na pinagkasunduan mo at ng iyong tagapayo.





Pagiging Karapat-

Pagkabigay mo ng iyong aplikasyon pagpapasiyahan ng iyong tagapayo kung ikaw ay karapat-dapat sa mga serbisyo ng DOR. Ikaw ay susulatan ng pagpapasiya tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa loob ng 60 araw. Upang palawigin ang takdang panahon, ikaw at ang iyong tagapayo ay kailangang mag-usap at magkasundo sa isang tiyak na petsa ng pagpapalawig.

Kung ikaw ay tumatanggap ng SSI o benepisyaryo ng SSDI, at gustong magkaroon ng hanapbuhay, ikaw ay ipinalalagay na karapat-dapat sa mga serbisyo ng DOR (Maliban kung ang iyong kapansanan ay napakalubha na ang aming mga serbisyo ay hindi makakatulong sa iyo.)

Kung hindi ka tumatanggap ng SSI o SSDI, ang pagiging karapat-dapat mo ay batay sa mga sumusunod na bagay:

1. Ikaw ay may kapansanang pangkatawan at pangkaisipan,
2. Ang iyong kapansanan ay nagiging hadlang sa iyong paghanapbuhay, at
3. Nangangailangan ka ng mga serbisyong pagbabagong-tatag na panghanapbuhay upang ihanda ka na makakuha at magpanatili ng hanapbuhay o muling makuha ang dating hanap-buhay.

Sa ibang salita, dapat na mayroon kang isang kapansanan na nakakaapekto sa iyo nang napakalaki kaya kailangan mo ang tulong ng DOR upang makakuha at makapagpanatili ng trabaho.

Kung may ebidensiya na hindi ka makikinabang sa aming mga serbisyo, ikaw at ang iyong tagapayo ay magsusuri ng iyong kakayahang maghanapbuhay.





Bibigyan ka ng pagkakataon na subukang magtrabaho sa isang makatotohanang lugar ng hanapbuhay. Maaari kang tumanggap ng ilang serbisyo ng DOR sa panahon ng pagsubok na pagtatrabaho. Kung may malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya na ang aming mga serbisyo ay hindi mo mapapakinabangan, ang iyong kaso ay sararhan.

Pagtanggap ng mga Serbisyo

Kung ikaw ay karapat-dapat sa mga serbisyo, ikaw at ang iyong tagapayo ay mag-uusap tungkol sa mga paraan na ang iyong kapansanan ay makakaapekto sa iyong kakayahang maghanapbuhay. Ang pagsusuring ito, tinatawag na kahalagahan ng puntos ng kapansanan, o puntos ng SOD, ay karaniwang tinatapos sa loob ng 90 araw pagkaraan ng iyong unang panayam.

Antas ng Kahalagahan ng Kapansanan. Batay sa iyong aplikasyon at pagsusuri, ang iyong tagapayo ay magpapasiya kung gaano nakakaapekto ang iyong kapansanan sa iyong pagtatrabaho. Ikaw ay ilalagay sa isa sa tatlong kategorya:

- 1) may kapansanan; 2) malaki ang kapansanan; o
- 3) pinakamalaki ang kapansanan.

Ang mga ito ay tinatawag ng “mga kategorya ng karapatang mauna.” Kung ikaw ay tumatanggap ng SSI o SSDI, ikaw ay itinuturing na malaki o mahigit ang kapansanan.

Ang mga kategorya ng pagtatalaga ay kailangan sa DOR upang paglingkuran ang mga tagagamit sa pamamagitan ng isang hanay ng pamamaraan ng pagpili.





Hanay ng Pagpili

Kapag ang kagawaran ay walang sapat na pondo upang paglingkuran ang lahat ng aplikante na itinuturing na karapat-dapat sa aming mga serbisyo, ang federal na pamahalaan ay nag-aatas na gamitin namin ang hanay ng pagpili. Ang DOR ay dapat maglingkod muna sa mga taong may pinakamalaking kapansanan. Ang paglalagay sa iyo sa kategorya ng karapatang mauna ay nagkakaloob ng makatwirang paraan upang paglingkuran ang lahat ng aplikante sa tamang hanay.

Ang lahat ng nasa kategoryang “pinakamalaki ang kapansanan” ay unang paglilingkuran, kasunod ang lahat sa kategoryang “malaki ang kapansanan” at saka ang “kategoryang may kapansanan.”

Sa loob ng bawat kategorya, pinaglilingkuran namin ang mga tao alinsunod sa petsa ng aplikasyon. Ang tao na unang humingi ng serbisyo ay unang paglilingkuran, ang taong pangalawang humingi ng serbisyo ay kasunod na paglilingkuran, atbp., hanggang ang lahat sa kategoryang iyon ay mapaglilingkuran.

Listahan ng Naghihintay

Kung ang DOR ay walang sapat na pondo upang paglingkuran ang iyong kategorya, ikaw ay ilalagay sa listahan ng naghihintay hanggang dumating ang iyong panahon ng pagtanggap ng serbisyo. Kung ikaw ay nasa listahan ng naghihintay, magpapadala kami sa iyo ng isang liham sa bawat 90 araw upang sabihin sa iyo kung aling kategorya ang kasalukuyan naming pinaglilingkuran. Sa sandaling magagawa na naming paglingkuran ang iyong kategorya, ipagbibigay-alam namin sa iyo. Ikaw ay paglilingkuran alinsunod sa hanay ng petsa na ini harap mo ang iyong aplikasyon.





Mga Serbisyong Pagbibigay ng Impormasyon at Rekomendasyon

Kung ikaw ay nasa aming listahan ng naghihintay, makakapagbigay pa rin kami ng impormasyon at rekomendasyon sa ibang mga serbisyong pangkomunidad na maaaring makatulong sa iyo na makakuha ng hanapbuhay hanggang sa tumanggap ka ng mga serbisyo ng DOR.

Kung ikaw ay humingi ng mga serbisyo, nagdaan sa pamamaraan ng pagsusuri, ipinasiyang karapat-dapat sa mga serbisyo, at inilagay sa isang kategorya ng karapatang mauna na pinaglilingkuran namin, ang susunod na hakbang ay ang pagbuo ng Iniaangkop na Plano sa Paghahanapbuhay, o IPE. Ang IPE ay ang iyong nakasulat na plano upang makahanap at makapagpanatili ng hanapbuhay. Ang iyong tagapayo ay bibigyan ka ng impormasyon sa kabuuan ng pamamaraan ng IPE upang makagawa ka ng mga makabuluhang pagpili tungkol sa iyong plano. Tatalakayin mo at ng iyong tagapayo ang iyong natatanging lakas, kakayahan, inuuna, inaalala, abilidad, kapasidad, at mga interes habang binubuo mo ang plano.

Ikaw ang pangunahing tauhan sa pagbuo ng iyong plano. Magkakaroon ka ng pagkakataong pumili ng iyong hangarin at tagpuan sa paghahanapbuhay. Magkakaroon ka rin ng pagkakataon na pumili ng tiyak na mga serbisyong pagbabagong-tatag na panghanapbuhay, tagapagkaloob at tagpuan na kailangan mo upang makamit ang iyong hangarin. Ikaw at ang iyong tagapayo ay tatalakay ng mga paraan na magagamit mo upang makuha ang mga kailangang serbisyo.





Pagbuo ng IPE

Alinsunod sa batas, ang iyong IPE ay dapat magtaglay ng mga sumusunod na sangkap:

- ◆ Paglalarawan ng iyong hinahangad na hanapbuhay
- ◆ Takdang panahon upang makamit ang iyong hinahangad na hanapbuhay
- ◆ Paglalarawan ng mga serbisyo at tagapagkaloob ng serbisyo na kakailanganin mo
- ◆ Takdang panahon upang simulan ang mga serbisyo
- ◆ Paglalarawan ng mga paraang ginagamit upang makuha ang mga serbisyo
- ◆ Paglalarawan ng mga pamantayan na gagamitin upang timbangin ang iyong progreso
- ◆ Mga pananagutan mo, ng iyong tagapayo, at ibang kalahok sa iyong IPE
- ◆ Balangkas ng paglahok ng tagagamit sa pagbabayad ng bahagi ng plano, kung angkop
- ◆ Pagtukoy sa mga maihahambing na benepisyo na maaari mong hingin at makuha

Ikaw ay mayroong mga mapagpipilian sa pagbuo ng iyong IPE, kabilang ang:

1. Tulong mula sa iyong tagapayo ng DOR
2. Ibang tulong, kabilang ang tulong na teknikal mula sa labas
3. Pagbuo ng iyong sariling IPE

Ang iyong tagapayo ay:

1. Magpapaliwanag ng mga sangkap ng IPE at mga patnubay ng DOR
2. Magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga ipinangangakong salapi at ibang mga paksa
3. Tutulungan kang sagutin ang mga porma ng DOR





Mga Serbisyo Ukol sa Paghahanapbuhay

Dapat na nakasulat na aprobahan ng iyong tagapayo ang IPE bago ka makapagsimulang tumanggap ng anumang serbisyo o gumawa ng mga pagbili bilang bahagi ng plano.

Ang DOR ay nag-aalay ng mga serbisyong kailangan para makamit mo ang iyong hinahangad na hanapbuhay. Ang ilan sa mga serbisyo ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- ◆ Pagpapayo at patnubay
- ◆ Rekomendasyon at tulong upang makakuha ng mga serbisyo mula sa ibang mga ahensiya
- ◆ Tulong sa paghahanap ng trabaho at paglalagay sa trabaho
- ◆ Panghanapbuhay at ibang mga serbisyong pagsasanay
- ◆ Pagsusuri at paggamot ng mga kapansanang pangkatawan at pangkaisipan
- ◆ Pagpapanatili para sa mga karagdagang gastos habang lumalahok sa IPE
- ◆ Transportasyon, kung kailangan
- ◆ Mga serbisyong tulong sa trabaho o tulong na personal
- ◆ Mga serbisyo ng tagasalin ng wika
- ◆ Mga serbisyong pagbabagong-tatag at pagbihasa/kakayahang makarating sa nais puntahan para sa mga taong bulag
- ◆ Mga lisensiya sa trabaho, kasangkapan, kagamitan, mga pangunang panustos at gamit
- ◆ Tulong na teknikal para sa pag-eempleyo sa sarili
- ◆ Pantulong na teknolohiya para sa pagbabagong-tatag
- ◆ Mga serbisyong sinusuportahang paghahanapbuhay
- ◆ Mga serbisyo sa pamilya





Mga Pananagutan ng Tagagamit

Pagkabuo ng iyong IPE, ikaw at ang iyong tagapayo ay may mga tiyak na pananagutan. Pananagutan mo na:

1. Makipag-usap sa iyong tagapayo kung ikaw ay may problema na nakakaapekto sa iyong plano (tulad ng mga pagbabago sa iyong tirahan, kalagayang medikal o kalagayan ng pananalapi).
2. Talakayin ang anumang mga pagbabago na maaaring kailanganin sa iyong plano.
3. Humingi at kumuha ng makukuhang mga serbisyo at benepisyo (tulad ng tulong na salapi, mga gawad, o serbisyo sa pamamagitan ng mga ahensiyang iba sa DOR).
4. Kung kailangan, gamitin ang sariling pera sa iyong plano.
5. Dumalo at lubos na lumahok sa mga programa at klaseng pagsasanay.
6. Ibigay ang iyong mga ulat ng progreso at grado sa iyong tagapayo.
7. Lubos na lumahok sa paghahanap ng iyong trabaho at paglalagay sa trabaho.
8. Tiyakin na ikaw ay may nakasulat na pahintulot bago bumili ng anumang paninda at serbisyo na gusto mong bayaran ng DOR.
9. Makipagkasundo sa iyong tagapayo at pumirma ng isang nakasulat na pagbabago kung may malalaking pagbabago sa iyong plano.





Mga Pananagutan ng Tagapayo

Pananagutan ng iyong tagapayo na:

1. Mag-alay ng pagpapayo at patnubay.
2. Pamalagiing kompidensiyal ang iyong impormasyon.
3. Ipagbigay-alam sa iyo ang mga makukunan ng tulong at bigyan ka ng mga tiyak at angkop na rekomendasyon.
4. Bigyan ka ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at remedyo, kabilang ang iyong karapatan na umapela at ang iyong karapatan na magsampa ng reklamong diskriminasyon.
5. Bigyan ka ng impormasyon tungkol sa Programang Tulong sa Tagagamit (CAP) at kung paano makikipag-alam sa CAP.
6. Tumulong sa pag-uugnay ng mga serbisyong kailangan sa iyong plano.
7. Suriin ang iyong progreso sa pinagkasunduang talaan ng panahon, nang hindi kukulangin sa taunan.
8. Makipagkasundo sa iyo at pumirma ng isang nakasulat na pagbabago kung may malalaking pagbabago sa iyong plano.
9. Pamalagiin kang tumatanggap ng impormasyon sa kabuuan ng paraan, kabilang ang pagkakataong lubos na sumangguni kapag sinarhan ang iyong kaso.





Pagsasara ng Kaso

Ang iyong talaan ng mga serbisyo (tinatawag ding ang iyong file ng kaso) ay maaaring sarhan batay sa iba-ibang dahilan.

Ang pinakamabuting dahilan, siyempre, ay dahil ikaw ay 90 araw na o mahigit na may kasiya-siyang hanapbuhay.

Ang ibang mga dahilan para sa pagsasara ng iyong talaan ng mga serbisyo ay:

- ◆ Hindi ka karapat-dapat sa mga serbisyo.
- ◆ Hindi ka na karapat-dapat sa mga serbisyo.
- ◆ Hindi mo magagawang tapusin ang pagsusuri para mapagpasiyahan ang pagiging karapat-dapat mo at/o karapatang mauna sa mga serbisyo.
- ◆ Hindi ka namin matagpuan o matawagan.
- ◆ Lumipat ka sa labas ng estado.
- ◆ Tumanggi kang tanggapin, lumahok sa, o gamitin ang mga serbisyo ng DOR.
- ◆ Hindi ka nakipagtulungan sa pamamaraan ng pagbabagong-tatag. (Ang DOR ay inatasan ng magharap ng isang ulat sa Administrasyon ng Seguridad Sosyal kung ikaw ay tumatanggap ng SSI o SSDI at maaaring makapagbagong-tatag pero hindi nakipagtulungan sa paraan ng pagbabagong-tatag.)

Ikaw ay magkakaroon ng pagkakataon para sa buong pagsangguni sa iyong tagapayo bago ang pagsasara.





Programang Tulong sa Tagagamit (CAP)

Kung magkaroon ng mga katanungan o problema habang ikaw ay lumalahok sa DOR, *mangyaring* kausapin muna ang iyong tagapayo.

Kung hindi ka pa rin nasisiyahan, ang kasunod na hakbang ay ang makipag-alam sa superbisor ng iyong tagapayo.

Maaari kang magsama ng isang miyembro ng pamilya o kinatawan anumang oras upang makipagpulong sa mga tauhan ng Kagawaran.

Kung ikaw ay hindi nasisiyahan sa anumang aksiyon o desisyon ng Kagawaran, at nasubukan nang makipagtulungan sa iyong tagapayo at sa superbisor ng tagapayo, dapat kang makipag-alam sa Programang Tulong sa Tagagamit (CAP).

Ang CAP ay inihanda upang tulungan kang maintindihan ang iyong mga karapatan at pananagutan at tulungan ka sa paghaharap ng iyong mga inaalala sa Kagawaran. Ang mga tagapagtaguyod ng CAP ay hindi mga empleyado ng Kagawaran. Ang mga ito ay naglilingkod bilang mga malalayang tagapagtaguyod. Kung hindi malutas ang iyong mga inaalala sa lokal na antas, ang CAP ay maaaring makatulong sa iyo na humiling at maghanda ng pamamagitan, Pagsusuri ng Pangasiwaan o Makatarungang Pagdinig.

**Programang Tulong sa
Tagagamit (CAP)
Mga rekomendasyon na
pambuong-estado**

**1-800-952-5544 (Tinig)
1-800-598-3273 (TTY)**





Pagsusuri at Pamamagitan ng Pangasiwaan

Kapag ang iyong mga inaalala ay hindi nalutas sa pamamagitan ng iyong tagapayo o ng superbisor sa lokal na antas, makakahiling ka ng pagsusuri ng pangasiwaan ng Tagapangasiwa ng Distrito. Muli, makakatulong ang CAP sa ganitong kahilingan.

Ang pamamagitan ay isa pang paraan ng paglutas ng mga pagtatalo sa DOR. Ang pamamagitan ay isang kusang-loob na paraan ng paglutas ng problema, tinutulungan ng kuwalipikado, walang-pinapanigang mga tagapamagitan mula sa labas ng DOR.

Ang mga hangarin ng pamamagitan ay upang lubos na mailarawan ang parehong panig ng salungatan, pag-aralan ang mga mapagpipilian para sa paglutas ng problema at gumawa ng kalutasan na kasiya-siya sa magkabilang panig.

Ang serbisyong ito ay walang-bayad sa mga aplikante, karapat-dapat na tao at mga tagagamit. Ikaw ay maaaring magsama ng isang kinatawan na susuporta sa panahon ng pamamagitan.

Para sa impormasyon tungkol sa paghiling ng pamamagitan, mangyaring makipag-alam sa Tagapangasiwa ng Distrito o sa opisina ng inyong lokal na distrito. Ang mga numero ng telepono ng opisina ng distrito ay nakalista sa mga pahina 22-23.





Makatarungang Pagdinig

Anumang oras, makakahiling ka ng isang Makatarungang Pagdinig. Ito ang iyong pagkakataon na iharap ang iyong kaso sa Lupon ng mga Apela sa Pagbabagong-Tatag. Gayunman, maaaring makabuti sa iyo na kumilos muna sa lokal na antas bago pumunta sa Lupon sa mga Apela. Maraming problema na nalulutas sa di-pormal at mas mabilis na paraan.

Ang Lupon ay binubuo ng pitong miyembro na hinirang ng Gobernador. Sa pagdinig, ikaw ay may karapatang magharap ng impormasyon sa Lupon na nagpapaliwanag kung bakit sa palagay mo ay dapat baguhin ng DOR ang isang desisyong ginawa nito. Ang Kagawaran ay pinahihintulutan din na magbigay ng impormasyon sa Lupon. Pagkatapos ng pagdinig, isang nakasulat, pangwakas na desisyon ang gagawin ng Lupon. Ang mga Porma ng Paghiling ng Makatarungang Pagdinig ay makukuha sa mga tauhan ng Kagawaran at dapat ipadala sa:

Rehabilitation Appeals Board
Kagawaran ng Pagbabagong-Tatag
P.O. Box 944222
Sacramento, CA 94244-2220
(916) 263-8979 TTY (916) 263-7477

Ang Makatarungang Pagdinig ay itatakda sa loob ng 45 araw maliban kung sumang-ayon ka sa isang pag-antala. Ikaw ay makakapiling humarap, magpadala ng isang kinatawan o magpadala lamang ng isang nakasulat na impormasyon. Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon sa Makatarungang Pagdinig, ikaw ay may karapatang magharap ng isang petisyon, sa loob ng anim na buwan, sa Hukumang Superyor ng California upang suriin ang bagay.





Ang Kagawaran ay nangangakong pamamalagiing kompidensiyal ang anumang impormasyong ibinigay mo.

Ang Batas ng 1977 sa mga Gawain Ukol sa Impormasyon, Kodigo Sibil ng California, mga Seksiyon 1798 at kasunod., ay gumagarantiya sa iyo ng mga tiyak na karapatan:

☐ *Ang Karapatan sa Pagkapribado:*

Ang tanging titipunin ay ang impormasyon tungkol sa iyo na may kaugnayan at kailangan upang isakatuparan ang layunin ng programa ng Kagawaran. Ang impormasyon ay gagamitin lamang sa pag-aayos ng iyong programa ng mga serbisyo, kabilang ang paglutas ng mga reklamo o apela ng tagagamit.

☐ *Karapatang Bigyang-daan:*

Maaari kang humiling na bigyang-daan sa alinman sa iyong mga tala na iniingatan ng Kagawaran. Ang Kagawaran ay dapat pahintulutan ka o ang iyong piniling kinatawan na magsiyasat, o dapat magbigay sa iyo ng mga kopya ng anumang dokumento o impormasyon sa aming talaan ng kaso sa singil na hindi lalampas ng sampung sentimo bawat pahina. Kung wala pang sampung pahina ang hiniling, walang gagawing pagsingil.

☐ *Ang karapatang humiling ng pagbabago sa iyong mga tala:*

Maaari kang humingi ng pagtatama ng anumang maling impormasyon sa iyong mga tala sa pamamagitan ng paghiling sa iyong tagapayo. Ang paghiling ay dapat na nakasulat at malinaw na tinutukoy ang gustong itama. Kung ang Tagapangasiwa ng Pagbabagong-Tatag ay hindi sumang-ayon sa pagbabago mo ng tala, maaari kang humiling ng Pagsusuri ng Pangasiwaan o isang Makatarungang Pagdinig.





(Tingnan ang mga pahina 16-17.) Kung ang resulta ng pagsusuri o pagdinig ay hindi sumasang-ayon sa iyong pagbabago sa iyong tala, maaari kang magharap ng isang nakasulat na pahayag na may makatwirang haba ng iyong mga pananaw ukol sa pinagtatalunang impormasyon. Ang pahayag na ito ay ilalagay sa iyong mga tala.

Pagsisiwalat

Lahat ng kahilingan para sa impormasyon ng tagagamit na hindi tuwirang nanggaling sa tagagamit ay dapat samahan ng isang porma ng pagbibigay-laya na ibinibigay ng Kagawaran. Alinman sa DR264 para sa di-medikal o isang DR264A para sa medikal na impormasyon. Ang pormang ito ay dapat mong pirmahan bago namin ilabas ang impormasyon sa sinuman, tulad ng isang miyembro ng pamilya.

Lahat ng taong binigyang-daan sa iyong mga tala ay pinagbabawalang isiwalat ang impormasyong ito sa ibang mga tao kung wala kang tiyak, may-kaalaman, nakasulat na pahintulot.

Bihira ang mga pagkakataon na ang impormasyon ay maaaring ipalabas nang wala kang may-kaalaman at nakasulat na pahintulot.

Tandaan: *Ang Batas ng 1973 sa Pagbabagong-Tatag ay nagbibigay sa Kagawaran ng pahintulot at tungkulin na kumuha ng impormasyong may kaugnayan at kailangan upang magkaloob ng mga serbisyo na magbibigay sa inyo ng kakayahang makamit ang iyong mga hinahangad na karera.*





Diskriminasyon

Ang diskriminasyon ay nangyayari kapag ang isang tao ay tumanggap ng naiibang pagtrato batay sa kapansanan, edad, kasarian, lahi, o ibang katayuan ng tao na pinangangalagaan ng batas.

Patakarang ng Kagawaran na magkaloob ng mga serbisyo sa mga kuwalipikadong tao na may mga kapansanan, nang hindi nagdidiskrimina batay sa kapansanan ng katawan o isipan, edad, kasarian, kulay, grupong etniko, lahi, bansang pinagmulan, angkan, relihiyon, kondisyong medikal, oryentasyong seksuwal o katayuan sa pag-aasawa.

Ang mga di-pagkakasundo sa pagitan mo at ng iyong tagapayo tungkol sa mga serbisyo ay hindi itinuturing na nagdidiskrimina maliban kung ang di-pagkakasundo ay batay sa iyong pinangangalagaang katayuan, gaya ng nakalista sa itaas.

Kung ang inyong di-pinagkakasunduan tungkol sa iyong mga serbisyonang pagbabagong-tatag na panghanapbuhay ay hindi batay sa isa sa mga pinangangalagaang katayuan, maaari kang humingi ng tulong sa pamamagitan ng Programang Tulong sa Tagagamit, pamamaraan ng pagsusuri ng Pangasiwaan, o sa paraan ng Makatarungang Pagdinig (tingnan ang mga pahina 14-17).

Kung ang inyong di-pinagkakasunduan tungkol sa iyong mga serbisyo ay batay sa iyong pinangangalagaang katayuan, ikaw ay may karapatang magpasimula ng isang di-pormal o pormal na reklamong diskriminasyon sa loob ng 180 araw pagkaraan ng petsa ng ipinaparatang na diskriminasyon. Ikaw ay maaaring magpasimula ng pamamaraan ng reklamo sa tatlong paraan:





1. Maaari kang makipag-alam sa Tagapangasiwa ng Distrito sa pamamagitan ng pakikipag-usap o pagliham upang talakayin ang inyong inaalala at magbigay ng iminumungkahing remedyo upang malutas ang iyong inaalala. Kung hindi nagawa ng Tagapangasiwa ng Distrito na lutasin sa iyong kasiyahan ang iyong mga inaalala ang Tagapangasiwa ng Distrito ay magpapadala ng isang nakasulat na kabuuran ng reklamo sa Opisina ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran para sa pagsusuri at angkop na aksiyon. (Makipag-alam sa opisina ng iyong tagapayo para makuha ang pangalan at numero ng telepono ng inyong Tagapangasiwa ng Distrito.)

2. Maaari kang makipag-alam sa Opisina ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran upang talakayin at lutasin ang iyong inaalala o upang magharap ng isang pormal na reklamo.

3. Maaari kang magsampa ng reklamong diskriminasyon sa labas ng Kagawaran ng Pagbabagong-Tatag anumang oras (sa loob ng 180 araw ng ipinaparatang na diskriminasyon) sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Opisina ng mga Karapatang Sibil.

Para sa pagpapayo ukol sa diskriminasyon at pagsasampa ng reklamo makipag-alam sa:

Kagawaran ng Pagbabagong-Tatag
Office of Civil Rights & Affirmative Action
P.O. Box 94422
Sacramento, CA 94244-2220
Telepono: (916) 263-8662 TTY: (916) 263-7488

U.S Department of Education
Office for Civil Rights
50 United Nations Plaza, Room 239
San Francisco, CA 94102
Telepono: (415) 556-4275 TTY: (415) 437-7786





Saan Makakakuha ng Impormasyon

www.dor.ca.gov

Hilagang Rehi-

yon

Chico

470 Rio Lindo Ave., Suite 4
Chico, CA 95926-1899
(530) 895-5507
(530) 345-3897 - TTY

Fresno

2550 Mariposa Mall #2000
Fresno, CA 93721-2270
(559) 445-6011
(559) 266-3373 - TTY

Oakland

1515 Clay St. Suite 119
Oakland, CA 94612-1413
(510) 622-2764
(510) 622-2793 - TTY

Mt. Diablo Delta

1485 Enea Court, Ste. 1100
Concord, CA 94520-5228
(925) 602-3953
(925) 676-5623 - TTY

Sacramento

2225 19th Street
Sacramento, CA
95818-1690
(916) 322-8500
(916) 322-6822 - TTY

San Francisco

185 Berry Street
Lobby 7, Suite 180
San Francisco, CA 94107-1737
(415) 904-7100
(415) 904-7138 - TTY

San Jose

100 Paseo de San Antonio
Suite 324
San Jose, CA 95113-1479
(408) 277-1355
(408) 277-4124 - TTY

Santa Barbara

509 E. Montecito Street
Suite 101
Santa Barbara, CA
93103-3216
(805) 560-8130
(805) 560-8167 - TTY

Santa Rosa

50 "D" Street, Suite 425
Santa Rosa, CA
95404-4764
(707) 576-2233
(707) 576-6365 - TTY



Timog na Rehiyon

Greater Los Angeles

3251 W. 6th Street
Suite 300
Los Angeles, CA
90020-5017
(213) 736-3904
(213) 736-3960 - TTY

Los Angeles South Bay

4300 Long Beach Blvd,
Suite 200
Long Beach, CA
90807-2008
(562) 422-8325
(562) 422-9276 - TTY

Orange/San Gabriel

222 S. Harbor Blvd.
Suite 300
Anaheim, CA 92805-3701
(714) 991-0800
(714) 991-0842 - TTY

Inland Empire

3130 Chicago Avenue
Riverside, CA 92507-3445
(909) 782-6650
(909) 782-3296 - TTY

San Diego

7575 Metropolitan Drive
Suite 107
San Diego, CA 92108-4402
(619) 767-2100
(619) 767-2159 - TTY

Van Nuys/Foothill

5900 Sepulveda Blvd.
Suite 240
Van Nuys, CA 91411-2511
(818) 901-5024
(818) 901-5086 - TTY





Estado ng California
Ahensiya ng mga Serbisyong Pangkalu-
sugan at Pantao
Kagawaran ng Pagbabagong-Tatag

Ang DOR ay isang Programa/Tagaempleyong Nagbibigay ng
Pantay na Pagkakataon

Ang publikasyong ito ay makukuha sa Braille, malaking
limbag, computer disk at cassette tape. Ang mga kahilil-
gan ay dapat gawin sa:

Kagawaran ng Pagbabagong-Tatag
Mga Gawaing Panlabas
(916) 263-8981 - Tinig
(916) 263-7477 - TTY
externalaffairs@dor.ca.gov

